



Edukasyon ng Pasyente

4-Southeast Transplant Surgery/Renal Medicine



Ang iyong Tunneled Catheter


Tungkol sa mga catheter ng hemodialysis at pagpapalit ng plasma

Ang handout na ito ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga tunneled catheter, na ginagamit para sa hemodialysis o pagpapalit ng plasma. Kabilang ang mga pangunahing tagubilin sa pag-aalaga, mga senyales ng impeksyon na babantayan, at kung kailan tatawagan ang doktor.

Mayroon kang *tunneled catheter* para sa hemodialysis o pagpapalit ng plasma. Ang tunneled catheter ay isang catheter na inilalagay kapag nagkaroon ng peklat sa tissue. Maaari itong gamitin nang ilang linggo o buwan.

Ang catheter ay inilalagay sa malaking ugat sa iyong leeg na nagbabalik ng dugo sa iyong puso. Pagkatapos ay lalagos sa iyong dibdib, lalabas sa iyong balat nang halos 6 na pulgada mula sa kung saan ito pumasok sa iyong ugat.

Sundin ang mga tagubilin sa pag-aalaga sa handout na ito upang maiiwas ang catheter mula sa pagbabara at upang maiwasan ang impeksyon.




Paglalagay ng tunneled catheter

Kapag papalitan mo ang iyong takip, suriin ang lugar para sa anumang senyales ng impeksyon o pagkasira ng catheter. Kung maagang makita ang mga problemang ito, malamang na malutas ang mga ito.

- Tingnan ang anumang pamumula, pamamaga, pagtutubig, o pamamasa.
- Dahan-dahang kapain ang anumang pamamaga.
- Kailangang buo ang catheter, nasa lugar ang mga takip, at nakakabit ang parehong mga port.

Pangunahing Pangangalaga sa Catheter

- Panatilihin malinis ang lugar ng catheter hangga't maaari upang maiwasan ang impeksyon.
- Panatilihin **nakakabit sa lahat ng oras** ang parehong port ng catheter.
- **HUWAG** hilahin ang catheter.
- **Huwag** maligo, magbabad sa mainit na paliguan, o mag-swimming.
- Kapag maliligo, takpan ang buong catheter at lagyan ng plastik ang lugar at lagyan ng pandikit ang mga gilid (tingnan ang larawan sa ibaba). Alisin ang takip na plastik pagkatapos mong maligo. Agad na palitan ang takip kung mabasa ito.
- Kung nagdurugo ang lugar ng catheter o kung maalis ang catheter, **diinan** ang lugar at pumunta sa emergency room.



Pagtatakip sa catheter ng plastik

Pagpapalit ng Takip ng Catheter

- Kailangan kong palitan ang aking takip tuwing 3 araw o kapag nabasa o lumuwag ito.
- Kailangan kong palitan ang aking takip kung nabasa o naalis lamang ito. Kung hindi man, ang kawani sa University of Washington Medical Center o aking dialysis center ang magpapalit ng aking takip.

Mga Tanong?

Mahalaga ang iyong mga tanong. Tawagan ang iyong doktor o tagapagbigay ng pangangalaga sa kalusugan kung mayroon kang mga tanong o alalahanin. Ang mga UWMC 4-Southeast Nurse ay maaari ring tumulong.

- Renal Nurse
206-598-2844
- Neurology Nurse
206-598-7688
- Transplant Nurse
206-598-4773
- 4-Southeast Transplant
Surgery/Renal
Medicine:
206-598-4400

Sundin ang mga hakbang na ito upang palitan ang iyong takip:

1. Ihanda ang mga gamit na ito:
 - ChloroPrep
 - Gasa na 2" x 2"
 - Malinaw na takip
2. Maglagay ng pantakip sa bibig.
3. Hugasan ng sabon at tubig ang iyong mga kamay.
4. Alisin ang lumang takip.
5. Linisin ang lugar ng catheter ng ChloroPrep at patuyuin ito nang 30 segundo.
6. Ilagay ang gasa na 2" x 2" at pagkatapos ay ang malinaw na takip.

Kailan Tatawagan ang Iyong Doktor

Ang impeksyon ay ang pinaka-karaniwang kumplikasyon ng mga tunneled catheter. Ang mga mikrobyo mula sa iyong mga kamay, bibig, at kapaligiran ay maaaring mapunta sa iyong catheter. Maaari itong magdulot sa iyo ng sakit at masira ang iyong catheter.

Tawagan agad ang iyong doktor kung sa tingin mo ay maaaring mayroon ka ng anuman sa mga senyales ng impeksyong ito:

- Lagnat o panlalamig.
- Pamumula, pagiging mainit, pagtutubig, o pamamaga sa lugar ng catheter.
- Bagong kirot.

UNIVERSITY OF WASHINGTON
MEDICAL CENTER
UW Medicine

**4-Southeast Transplant
Surgery/Renal Medicine**

Box 356086

1959 N.E. Pacific St. Seattle, WA 98195
206-598-4400

© University of Washington Medical Center
Your Tunneled Catheter
Tagalog

12/2006 Rev. 08/2010

Reprints on Health Online: <http://healthonline.washington.edu>



Your Tunneled Catheter


About hemodialysis and plasma exchange catheters

This handout gives information about tunneled catheters, which are used for hemodialysis or plasma exchange. Included are basic care instructions, signs of infection to watch for, and when to call the doctor.

You have a *tunneled catheter* for hemodialysis or plasma exchange. The tunneled catheter is a catheter that is fixed in place when scar tissue forms. It can be used for weeks or months.

The catheter is placed into a large vein in your neck that returns blood to your heart. It is then tunneled down your chest wall, going out through your skin about 6 inches from where it entered your vein.

Follow the care instructions in this handout to keep the catheter from clotting and to prevent infection.




Placement of a tunneled catheter

When you change your dressing, check your site for any sign of infection or catheter damage. If these problems are found early, they can likely be resolved.

- Look for any redness, swelling, drainage, or moisture.
- Gently feel for any swelling or tenderness.
- The catheter should be intact, caps in place, and both ports clamped.

Basic Catheter Care

- Keep the catheter site as clean as possible to prevent infection.
- Keep both ports of the catheter **clamped at all times**.
- Do **NOT** pull on the catheter.
- Do **not** take a bath, soak in a hot tub, or go swimming.
- When you take a shower, cover the entire catheter and dressing site with a plastic sheet and tape the edges (see the picture below). Remove the plastic cover right after your shower. Change the dressing right away if it gets wet.
- If you are bleeding from the catheter site or if the catheter falls out, **apply pressure** at the site and go to an emergency room.



Covering the catheter with plastic

Catheter Dressing Change

- I need to change my dressing every 3 days *or* when it is wet or loose.
- I need to change my dressing *only* if it becomes wet or loose. Otherwise, the staff at University of Washington Medical Center or my dialysis center will change my dressing.

Questions?

Your questions are important. Call your doctor or health care provider if you have questions or concerns. UWMC 4-Southeast Nurses are also available to help.

- Renal Nurse:
206-598-2844
- Neurology Nurse:
206-598-7688
- Transplant Nurse:
206-598-4773
- 4-Southeast
Transplant
Surgery/Renal
Medicine:
206-598-4400

Follow these steps to change your dressing:

1. Prepare these supplies:
 - ChloroPrep
 - 2" x 2" gauze
 - Transparent dressing
2. Put on a mask.
3. Wash your hands with soap and water.
4. Remove the old dressing.
5. Clean the catheter site with ChloroPrep and let it dry for 30 seconds.
6. Apply 2" x 2" gauze and then the transparent dressing.

When to Call Your Doctor

Infection is the most common complication of tunneled catheters. Germs from your hands, mouth, and surroundings can get into your catheter. This can cause you to become very ill and your catheter to fail.

Call your doctor right away if you think you might have any of these signs of infection:

- Fever or chills.
- Redness, warmth, drainage, or swelling at the catheter site.
- New onset of pain.

UNIVERSITY OF WASHINGTON
MEDICAL CENTER
UW Medicine

**4-Southeast Transplant
Surgery/Renal Medicine**

Box 356086

1959 N.E. Pacific St. Seattle, WA 98195
206-598-4400